



Ano ang Buwis sa Pinatamis na Inumin?

Simula Enero 1, 2018, magpapataw ng buwis sa mga produktong inuming pinatamis gamit ang asukal na ipinamamahagi sa Seattle. Ang Buwis sa Pinatamis na Inumin ay hindi buwis sa pagbebenta na direktang ipinapataw sa mga consumer. Sa halip, iniaatas ng buwis na ito na magbayad ng buwis ang mga distributor ng mga produktong inuming pinatamis na kanilang ipinamamahagi sa loob ng Lungsod ng Seattle. Ang rate ng buwis ay 1.75 sentimos kada ounce.

Maaaring makakita ang mga consumer ng pagtaas ng presyo sa mga inuming pinatamis gamit ang asukal. **Bilang isang nagbabayad ng buwis, malaya ang mga distributor na ipasa o hindi ipasa ang karagdagang halaga ng buwis sa inumin sa mga retailer. Alinsunod dito, maaari rin ipasa o hindi ipasa ng mga retailer ang halaga sa mga consumer.**

Bakit ipinasa ng Seattle ang buwis na ito?

Ayon sa mga pagsasaliksik, maaaring magdulot ang mga inuming pinatamis ng type 2 diabetes, sakit sa puso at stroke, dagdag na timbang at sira sa ngipin. Nababawasan ng pagbubuwis sa mga inuming pinatamis ang mga benta at pagkonsumo nito. Tataasan din nito ang kita sa buwis mula sa mga benta ng mga inuming pinatamis gamit ang asukal upang padaliin ang access sa masustansiyang pagkain at pondohan ang mga programang naglalayong mapaliit ang agwat ng hindi pantay na kalagayang pang-edukasyon na kinakaharap ng mga komunidad ng iba't-ibang lahi.

HINDI kasama sa Buwis sa Pinatamis na Inumin ang alinman sa mga sumusunod: mga diet na inumin, nakabotelyang tubig, 100% juice, gatas (kasama rito ang soy, bigas, almond, niyog), mga inumin na gamit sa paggamot, gatas ng sanggol o bata, at mga inuming nakalalasing.



MGA INUMING PINATAWAN NG BUWIS

Mga Regular na Soda

Mga Energy at Sports Drink

Mga Fruit Drink (Inumin mula sa Prutas)

Mga Pinatamis na Tubig


Mga Pinatamis na Kape at Tsaa

Mga syrup at concentrate na ginagamit para gumawa ng mga inuming pinatamis sa mga coffee shop, kainan at fast food



Paano gagamitin ang pera na makukuha mula sa buwis na ito?


Masusuportahan ng pera na makukuha mula sa buwis na ito ang iba't ibang programa tungkol sa nutrisyon, halaga ng pagkain, maagang paglinang ng kaalaman, at edukasyon. Inaasahan ng Lungsod na makalikom ng \$14.8 milyon ang buwis na ito sa 2018. Ilalaan ang kita sa mga sumusunod na paraan:



Masustansiyang Pagkain

Palawakin ang access sa masustansiya at abot-kayang pagkain, paglapitin ang agwat sa seguridad ng pagkain, at i-promote ang mga pagpipiliang masustansiyang produkto.

\$3.8 milyon



Maagang Paglinang ng Kaalaman

Palawakin ang mga serbisyo para sa populasyong kinabibilangan ng mga kapapanganak lang hanggang limang taong gulang at ang kanilang mga pamilya; paliitin ang agwat sa kalagayang panlipunan, pangkaunlaran, at kahandaan at kalinangan sa edukasyon.

\$3.25 milyon

Edukasyon

Pagsuporta sa mga mag-aaral sa high school upang makapasok sa kolehiyo kasama ang programa ng 13th Year sa Mga Kolehiyo sa Seattle; pag-aaral sa panahon ng summer; at programa sa pagtuturo para sa mga batang lalaki na may lahing itim.

\$2.57 milyon



Nakareserba para sa Mga Rekomendasyon ng Community Advisory Board

Magbibigay ng mga rekomendasyon ang isang Community Advisory Board sa Mayor at City Council kung paano gagamitin ang mga pondong ito.

\$2.77 milyon



Pagsusuri

Gagamitin ang pondo para suportahan ang kasalukuyang pagsusuri sa mga epekto ng buwis sa inumin sa mga kahihinatnan hinggil sa ekonomiya at mga kagawian hinggil sa kalusugan.

\$520,000

Mga Pang-administratibong Gastusin at Iba pa

Kasama sa paggamit ng pondo ang suporta para sa halaga ng pagpapatupad ng buwis sa inumin, job training para sa mga manggagawang lubhang naapektuhan ng buwis, at suporta sa mga kawani para sa Community Advisory Board. Kasama ang isahang bayad na \$1.2 milyon sa halagang ito na kinakailangan sa pagtatag ng sistema sa pagkolekta ng buwis.

\$1.91 milyon

Binago noong 3/28/2018

Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang:
<http://www.seattle.gov/sweetened-beverage-tax>